

**Sistema ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralang Sekundaryo ng 2019/2021  
(Para Makapasok sa Sekundaryo 1 sa Setyembre 2021)  
Mga Malimit Itanong**

**Mga Diskresyunaryong Lugar**

**(1) Q Ano ang mga diskresyunaryong lugar (DP)?**

A Ang DP ay mga lugar para sa Sekundaryo 1 (S1) na inilaan ng mga paaralang sekundaryo para mapasukin ng mga estudyante sa sarili nilang pasiya. Ang mga paaralan ng pamahalaan, mga paaralang tinutulungan at mga caput na sekundaryong paaralan ay maaaring maglaan nang hindi hihigit sa 30%, at ang mga Paaralang Sekundaryo na nasa ilalim ng Iskemang Direktang Subsidiyo (DSS) na lumalahok sa Sistema ng Alokasyon ng Lugar sa Paaralan sa Sekundaryo (SSPA) ay maaaring maglaan nang higit kaysa 30% ng kanilang mga lugar para sa S1 bilang DP.

**(2) Q Ano ang mga pamamaraan ng pag-aapply para sa DP?**

A Ang panahon ng aplikasyon ng DP para sa cycle na ito ay mula Enero 4 (Lunes) hanggang Enero 18, 2021 (Lunes). All secondary schools participating in the SSPA System (participating secondary schools) accept applications within the same period.

Ang mga magulang ng mga nakikilahok na estudyante ng Primarya 6 (P6) ng kasalukuyang siklo ay makakatanggap ng dalawang kopya ng Application Form para sa Diskresyunaryong Lugar sa Sekundaryo Isa mula sa mga paaralang primarya ng kanilang mga anak, sa maagang bahagi ng Disyembre 2020. Ang mga estudyante na hindi nag-aaral sa mga nakikilahok na primaryang paaralan ay makakakuha ng kanilang mga Application Form mula sa Seksyon para sa Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralan ng Kawanihan ng Edukasyon (EDB) (Address: Office 2, 2/F, Manulife Financial Centre, 223 Wai Yip Street, Kwun Tong, Kowloon; Telepono: 2832 7740 at 2832 7700) sa mga oras na may trabaho, mula sa Disyembre 3, 2020 hanggang Enero 18, 2021.

Ang aplikasyon para sa DP ay hindi nakapailalim sa restriksyon ukol sa mga distrito. Ang bawat estudyante ay maaaring mag-apply sa hindi hihigit sa dalawang nakikilahok na mga paaralang sekundaryo, kung hindi, ang kanyang pagkakataon na makakuha ng DP ay mawawala. Sa dalawang Application Form na tinanggap ng estudyante, ang isa ay may taglay na Ayos ng Gustong Paaralan 1 at taglay ng isa pa ang Ayos ng Gustong Paaralan 2. Ang Ayos ng Gustong Paaralan 1 ay tumutukoy sa unang napili ng estudyante at ang Ayos ng Gustong Paaralan 2 ay tumutukoy sa ikalawang napili ng estudyante.

Tungkol naman sa mga listahan ng nakikilahok na paaralang sekundaryo, ang mga magulang ay maaaring sumangguni sa Manwal ng Aplikasyon para sa mga Diskresyunaryong Lugar para sa Sekundaryo Isa (Handbook) na ipamamahagi sa mga paaralang primarya, sa maagang bahagi ng Disyembre 2020. Ang mga magulang ay maaari ring bumisita sa Tahanang-pahina ng EDB ([www.edb.gov.hk](http://www.edb.gov.hk)) (Piliin ang: Home > Education System and Policy > Primary and Secondary School Education > School Places Allocation Systems > Secondary School Places Allocation (SSPA) System) para makapagdownload ng mga listahan o tumawag sa

telepono ng EDB na 24 na oras, na isang Awtomatikong Sistema ng Pagtatanong sa Telepono sa 2891 0088 (Pindutin ang 2 (para sa Ingles) > 5 (Para sa mga Serbisyong Fax) > 04 (para sa Sistema ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralan: Listahan ng mga Paaralan)) upang makakuha ng mga listahan sa pamamagitan ng fax.

**(3) Q Ano ang dapat na isaalang-alang kapag ang mga magulang ay pumipili ng isang paaralan para sa kanilang mga anak?**

A Dapat isaalang-alang ng mga magulang ang lahat ng mga aspekto ng isang paaralan, hal., ang pilosopiya nito sa edukasyon, kultura, istruktura ng klase, pagsulong at operasyon, at ang mga kakayahan, hilig at interes ng kanilang mga anak upang makapili ng isang nararapat na paaralan.

Ang mga paaralan ay maaaring magdesisyon ayon sa kanilang mga pamamaraan para sa pagpasok, pamantayan para makapasok at mga pagtitimbang ayon sa kanilang pilosopiya, at sa katangian ng kani-kanilang edukasyon. Ang pamantayan para makapasok at ang mga pagtitimbang-timbang na dapat na inangkop ng paaralan ay kailangang patas, makatarungan, bukas at maituturing na maayos na maayos alinsunod sa edukasyon, at dapat ipaalam sa publiko bago ang pagpasok, hal. sa pamamagitan ng pagpapaskil sa mga prominenteng lugar sa paaralan, paglalagay sa tahanan-pahina ng paaralan, paglalathala sa Profile ng Paaralang Sekundaryo, o sa pagbibigay-alam sa bawat aplikante nang nakasulat. Ang mga paaralan ay maaaring magsagawa ng mga pakikipanayam, ngunit dapat ay walang isasagawang nakasulat na pagsusulit.

Ang mga magulang ay maaaring sumangguni sa mga Profile ng mga Paaralang Sekundaryo na ipinamahagi ng Komite para sa Kooperasyon sa Pagitan ng Tahanan at Paaralan (Committee on Home-School Co-operation) sa maagang bahagi ng Disyembre 2020, o bumisita sa website ng paaralan, upang malaman ang karagdagang mga impormasyon tungkol sa paaralan.

**(4) Q Dahil ang mga paaralan sa sekundaryo ay hindi pinapayagang magsagawa ng anumang nakasulat na pagsusulit para sa layunin ng pagpasok, paano nila matatasa ang kahusayan ng kanilang mga aplikante?**

A Ang mga aplikasyon ay susuriin batay sa pamantayan ng pagpasok at mga pagtitimbang na itinakda ng mga paaralan, hal. ang kahusayan ng mga estudyante sa akademiko, at maging sa hindi akademiko. Ang ilang mga paaralan ay magsasagawa rin ng mga pakikipanayam upang maintindihan ang kakayahan, interes at potensiyal ng aplikante, upang makapili ng mga nararapat na estudyanteng tatanggapin.

**(5) Q Ano ang kailangang tandaan ng mga magulang kapag nag-aapply sa DP para sa kanilang mga anak?**

A Ang mga mag-aaral na nagtagumpay sa kanilang aplikasyon sa DP ay hindi mapaglalaanan ng lugar sa paaralan sa Central Allocation (CA). Kung gayon, ang mga magulang ay dapat na mag-apply sa (mga) paaralan na kanilang pinili. Sapagkat ang Application Form para sa Diskresyunaryong Lugar sa Sekundaryo Isa ay hindi na mababawi pa o kaya ay makansela, at hindi na mababago pa ang pagkakaayos ng gustong paaralan, ang mga magulang ay dapat na gumawa ng maingat na

pagsasaalang-alang bago magsumite ng isang aplikasyon, upang mapili nila ang nararapat na paaralan.

**(6) Q Kapag nag-aapply para sa DP, ano ang mga kailangang dokumento na dapat isumite sa paaralang sekondaryo kung saan nag-aapply nito?**

A Dapat isama sa mga isusumiteng dokumento ang Application Form para sa Diskresyunaryong Lugar sa Sekondaryo Isa, at ang mga dokumento alinsunod sa hinihingi ng kinauukulang paaralan, halimbawa, ang mga report card ng mga estudyante mula sa paaralan, mga parangal o mga gantimpala at mga sertipiko o mga rekord ng mga aktibidad sa labas ng mga gawain sa klase, at serbisyo sa komunidad. Ang pagsusumite ng impormasyon ng hindi agad-agad nakukuha, tulad ng mga sulat ng rekomendasyon mula sa mga primaryang paaralan pati na ang mga iskor o posisyon ng mga estudyante sa mga indibidwal na asignatura, ay hindi kinakailangan.

**(7) Q Ano ang mga pamantayan para sa paglalaan ng DP kung ang isang esyudyante ay nag-apply sa dalawang nakikilahok na mga paaralang sekondaryo, at tinanggap siya ng dalawang iyon?**

A Bawat Application Form para sa Diskresyunaryong Lugar sa Sekondaryo Isa ay may taglay na Numero ng Aplikasyon, na para sa pagtukoy ng pagkakaayos ng gustong paaralan ng estudyante. Itutugma ng EDB ang kagustuhan ng mga mag-aaral sa mga Matagumpay/Nakareserbang listahan para sa Mga Diskresyunaryong Lugar. Kung ang estudyante ay matagumpay sa kapwa paaralan kung saan siya ay nag-apply, ang alokasyon ay ibabatay sa pagkakaayos ng kung alin ang gusto ng estudyante. Sa ibang salita, ang ilalaan sa isang estudyante ay ang una niyang pinili.

Kung nag-apply ang mga magulang sa isang paaralang sekondaryo na sa kalaunan ay hindi mag-aalok ng mga lugar na S1 sa ilalim ng Sistemang SSPA sa siklo ng alokasyong ito, ang aplikasyong iyan ay hindi ipoproseso.

**(8) Q Ano ang kahihinatnan sa pag-aapply para sa mga DP sa higit sa dalawang nakikilahok na mga paaralang sekondaryo?**

A Kung ang isang estudyante ay nag-aapply sa higit pa sa dalawang nakikilahok na paaralang sekondaryo para sa DP, kabilang ang pamahalaan, tinutulungan, caput o mga sekondaryong paaralan na nakikilahok sa DSS, ang kanyang pagkakataong makakuha ng isang DP ay mawawala.

**(9) Q Bukod pa sa aplikasyon sa hindi hihigit sa dalawang mga nakikilahok na paaralang sekondaryo, ang mga estudyante ba ay makakapag-apply sa Jockey Club Ti-I College sa magkasabay na panahon?**

A Oo. Ang panahon ng aplikasyon para sa pagpasok sa S1 na Jockey Club Ti-I College ay mula Enero 4 hanggang Enero 20, 2021. Kung ang mga estudyante ay nagtagumpay sa kanilang aplikasyon sa Jockey Club Ti-I College, hindi sila mapaglalaanan ng isang DP o ng isang lugar sa CA sa ilalim ng Sistemang SSPA. Kung hindi sila nagtagumpay sa kanilang aplikasyon, maaari pa rin silang paglaanan ng isang lugar sa S1 sa pamamagitan ng Sistemang SSPA.

**(10) Q Makakapag-apply din ba ang mga estudyante sa mga paaralang sekundaryo na nasa Iskema ng Direktang Subsidyo na hindi nakikilahok sa SSPA (NDSS secondary schools) sa magkasabay na panahon?**

A Oo. Sapagkat walang hangganan sa dami ng mga NDSS secondary schools na maaaring pag-aaplyan ng isang estudyante, maaari siyang tanggapin ng ilang NDSS secondary schools. Gayunpaman, basta't ang mga magulang ay nakapagsuko na ng pirmadong kasulatan at ng orihinal na Form ng Rekord ng Estudyante sa Primarya 6 sa isa sa mga paaralang nag-aalok, ito ay magsisilbing isang kumpirmasyon ng pagtanggap sa lugar na S1 na iniaalok ng mga NDSS secondary school, pati na ang kasunduan na isuko na ang anumang mga lugar na S1 na may subsidyo (kasama ang mga lugar na S1 ng mga nakikilahok na mga paaralang sekundaryo at ng Jockey Club Ti-I College). Ipababatid ng paaralan sa EDB ang tungkol sa naging desisyon ng magulang unang bahagi ng Mayo 2021. Sa pagtanggap ng Mga Listahan ng Matagumpay na Mga Kalahok na Mag-aaral mula sa NDSS secondary schools, hindi ilalaan ng EDB ang mga mag-aaral na nasa listahan sa iba pang mga sekondaryang paaralan sa pamamagitan ng Sistema ng SSPA.

**(11) Q Kailangan ba ng lahat ng lumalahok na mag-aaral na kumpletuhin at ibalik ang Form para sa Isang Pagpipiliang Paaralan sa Sekundaryo (Choice Form) sa EDB sa unang bahagi ng Mayo 2021?**

A Nag-apply man o hindi ang mga mag-aaral para sa DP (diskresyunaryong lugar) ng lumalahok na paaralang sekundaryo (kabilang ang Jockey Club Ti-I College), o mga lugar para sa S1 ng mga NDSS secondary schools, dapat nilang ibalik ang nakumpletong Choice Form sa EDB sa tulong ng mga paaralang primarya sa unang bahagi ng Mayo 2021. Ito ay upang matiyak na kung sakaling hindi sila naging matagumpay sa kanilang aplikasyon sa mga paaralang ito, mapaglalaanan pa rin sila ng isang lugar na S1 sa CA.

Kung ang isang mag-aaral ay tinanggap ng NDSS secondary school at ang kanyang mga magulang ay lumagda sa kasunduan at ibinigay ang kanyang Primary 6 Student Record Form sa NDSS secondary school, o ipinaabiso ng kalahok na paaralang sekundaryo bilang isang matagumpay (kabilang ang Jockey Club Ti-I College) na aplikante ng DP, o nakapasa sa iba pang mga paaralan (hal. mga internasyonal na paaralan o mga pribadong paaralan) at nagpasyang hindi lalahok sa CA, ang kanyang mga magulang ay kailangan lamang lumagda sa Choice Form at markahan ng ekis ang bahagi ng Mga Pagpipiliang Paaralan upang ipahiwatig ang intensyong hindi lalahok sa CA. Kung ang mga magulang ay hindi pumili ng kahit anong mga paaralan at hindi ipinahiwatig ang kanilang hangaring huwag lumahok sa CA sa Choice Form, at hindi nakapasa ang mga mag-aaral sa mga NDSS secondary schools at walang mapaglaanang lugar sa paaralan sa yugto ng DP, bibigyan ang mga mag-aaral ng lugar sa paaralan alinsunod sa itinalagang mekanismo ng alokasyon.

**(12) Q Sa ilalim ng bagong kaayusan para sa pag-aabiso sa mga matagumpay na aplikante ng DP (mga bagong notipikasyon sa pag-aayos) simula sa SSPA 2020, kailan malalaman ng mga mag-aaral ang mga resulta ng aplikasyon para sa DP sa SSPA cycle na ito?**

A Simula sa SSPA 2020, ang lahat ng lumalahok na paaralang sekondaryo (kabilang ang Jockey Club Ti-I College) ay kinakailangang tapusin ang pagproseso sa mga aplikasyon ng DP, abisuhan ang mga magulang ng lahat ng matagumpay na aplikante na isama ang kanilang mga anak sa Matagumpay na Listahan para sa Diskresyunaryong Lugar sa pamamagitan ng sulat at pagtawag sa telepono sa isang tinukoy na petsa bago ang Central Allocation (CA)<sup>1</sup>. Ang tinukoy na petsa para sa SSPA cycle na ito ay sa Marso 31, 2021. Ang mga abiso sa pag-aayos na ito ay hindi naaangkop upang magreserba ng mga 'di matagumpay na mga aplikante, at hindi rin ng mga abiso sa mga resulta ng alokasyon. Ang mga magulang na nauugnay dito ay hindi kailangang tumugon sa mga abiso.

Ang nabanggit na mga pag-aayos sa abiso ay mga hakbang na pang-administratibo. Ang umiiral na mekanismo at pamamaraan ng SSPA ay nananatiling hindi nagbabago. Ang lahat ng mag-aaral sa SSPA cycle na ito ay makakatanggap ng mga resulta ng paglalaan ng SSPA (kasama ang mga resulta sa mga yugto ng DP at CA) sa Hulyo 6, 2021.

Kung ang mga mag-aaral ay nag-aaral sa mga paaralang primarya na hindi nakikilahok sa SSPA System at inilalaan sa isang lugar ng paaralan sa yugto ng DP, ang mga kalahok sa paaralang sekondaryo o Jockey Club Ti-I College ay tatawagin ang mga magulang sa Hulyo 6, 2021 upang ipagbigay-alam sa kanila ang opisyal na mga resulta ng DP at ang mga kaugnay na pag-aayos (ibig sabihin, ang petsa ng pag-anunsyo ng mga resulta ng alokasyon). Kung kinakailangan, maaari ring makipag-ugnayan sa Hulyo 6, 2021 ang mga magulang sa (mga) paaralang sekondarya kung saan sila nag-apply.

**(13) Q Kung ang mga mag-aaral ay nagsumite ng mga aplikasyon ng DP sa dalawang mga kalahok na paaralan, bibigyan ba sila ng abiso bilang matagumpay na mga aplikante ng parehong mga paaralan ayon sa pagkakabanggit?**

A Para sa mga indibidwal na mag-aaral na nagsumite ng mga aplikasyon ng DP sa dalawang mga kalahok na paaralan at naging matagumpay sa parehong aplikasyon, ang kanilang mga magulang ay makakatanggap ng mga abiso mula sa dalawang kalahok na sekondaryong paaralan ayon sa pagkakabanggit. Ang mga may kinalamang mag-aaral ay bibigyan ng lugar sa mga paaralan na kanilang unang napili ayon sa umiiral na mekanismo ng SSPA.

---

<sup>1</sup> Mangyaring sumangguni sa EDB Circular No. 18/2019 para sa mga detalye ng bagong pag-aayos upang maabisuhan ang mga matagumpay na aplikante sa diskresyunaryong lugar at ang sample ng sulat para sa abiso.

**(14) Q Matapos matanggap ang mga abiso mula sa mga kalahok na sekundaryong paaralan, dapat bang ibunyag ng may kinalamang mga magulang ang pagkakasunud-sunod ng kanilang gustong paaralan sa may kinalamang mga paaralan at kumpirmahin ang kanilang pagtanggap sa inaalok ng DP?**

A Ayon sa umiiral na Sistema ng SSPA, hindi kailangang ibunyag ng mga magulang ang pagkakasunud-sunod ng kanilang gustong paaralan sa mga paaralan na kanilang inaplayan. Ang mga abiso mula sa mga lumalahok na paaralan sa mga magulang sa ilalim ng bagong pag-aayos sa abiso ay hindi isang opisyal na paglalabas ng mga resulta ng alokasyon. Samakatuwid, hindi dapat ibunyag ng mga magulang ang pagkakasunud-sunod ng DP kanilang gustong paaralan sa may kinalamang mga paaralan, at hindi kukumpirmahin ang kanilang pagtanggap sa inaalok ng DP pagkatapos matanggap ang mga abiso sa matagumpay na aplikasyon ng kanilang mga anak.

**(15) Q Ang ilang mga mag-aaral ay nabigyan ng abiso ng mga kalahok na sekundaryong paaralan bilang matagumpay na mga aplikante ng DP at nag-aalok din ng isang pwesto ng S1 ng isang NDSS secondary school. Kung magpasya silang tanggihan ang alok mula sa NDSS secondary school, bakit kailangan nilang kunin ang mga orihinal ng nilagdaan na kasunduan at ang Form na Primary 6 na Tala ng Mag-aaral mula sa may kinalamang NDSS secondary school? Kung ang mga dokumento ay hindi nakuha, ang mga mag-aaral ba ay kalauna'y ilalagay sa mga kalahok ng may kinalamang sekundaryong paaralan?**

A Ayon sa umiiral na mekanismo, sa saligan ng epektibong paggamit ng mga pampublikong mapagkukunan, mangongolekta ang mga NDSS secondary schools mula sa mga magulang ng mga mag-aaral na tumanggap ng mga pwesto ng S1 na inaalok ang nilagdaan na mga kasunduan kasama ang mga orihinal na kopya ng Form na Primary 6 na Tala ng Mag-aaral ng kanilang mga anak para sa kumpirmasyon ng pagtanggap ng alok at pagsuko ng iba pang mga subsidisadong pwesto ng S1 (kabilang ang mga lugar para sa S1 ng mga lumalahok na sekundaryong paaralan at Jockey Club Ti-I College) na ilalaan sa pamamagitan ng Sistema ng SSPA, upang iiwas ang may kinalamang mga mag-aaral sa pagsakop ng dalawang pwesto ng mga subsidisadong sekundaryang paaralan sa parehong panahon. Sa ilalim ng bagong mga kaayusan ng pag-aabiso para sa matagumpay na mga aplikante, kung ang mga mag-aaral ay inabisuhan ng mga kalahok na sekundaryang paaralan (kabilang ang Jockey Club Ti-I College) bilang matagumpay na mga aplikante ng DP at inalok din ng isang pwesto ng S1 ng isang NDSS secondary school, maaari silang magpasya kung tatanggihan ang alok mula sa NDSS secondary school sa loob ng isang itinakdang panahon sa Abril (iyon ay sa loob ng 5 araw ng pagtatrabaho pagkatapos matanggap ang mga abiso mula sa mga paaralan sa katapusan ng Marso bilang matagumpay na mga aplikante ng DP. Ang huling petsa ng pag-abiso sa mga NDSS secondary schools para sa SSPA 2021 ay sa Abril 12, 2021 sa ilalim ng normal na sitwasyon). Kung hindi ipinaalam ng mga magulang sa mga NDSS secondary schools at kunuha ang mga orihinal na nilagdaang mga kasunduan at ang Form na Primary 6 na Tala ng Mag-aaral sa loob ng itinakdang panahon, sa ilalim ng umiiral na mekanismo, ang may kinalamang mga mag-aaral ay isasama parin sa Mga Listahan ng Matagumpay na Mga Kalahok na Mag-aaral ng NDSS schools ay isusumite sa unang bahagi ng Mayo at sa gayon ay hindi sila malalaanan ng pwesto ng S1 ng mga kalahok na sekundaryong paaralan, kabilang na ang mga napili sa kanila bilang matagumpay na mga aplikante ng DP.

**(16) Q Matapos matanggap ang mga abiso mula sa mga lumalahok na paaralang sekondaryo bilang matagumpay na mga aplikante ng DP, kailangan bang kumpletuhin agad ng mga magulang ang mga pamamaraan sa pagrehistro sa mga nauugnay na paaralan?**

A Ang nabanggit na mga pag-aayos sa abiso ay mga pang-administratibong hakbang. Ang umiiral na mekanismo at pamamaraan ng SSPA ay nananatiling hindi nagbabago. Ang mga abiso mula sa mga lumalahok na paaralang sekondaryo sa mga magulang ay hindi isang opisyal na paglabas ng mga resulta ng alokasyon, at hindi kailangang kumpletuhin agad ng mga magulang ang mga pamamaraan ng pagrehistro sa mga nauugnay na paaralan. Makakatanggap ang mga magulang ng Mga Allocation at Admission Slip matapos ang opisyal na paglabas ng mga resulta ng SSPA sa Hulyo 6, 2021. Pagkatapos nito, kailangang kumpletuhin ng mga magulang ang mga pamamaraan ng pagrehistro sa mga paaralang sekondaryong binigyan ng alokasyon sa isang tiyak na panahon.

**(17) Q Kung hindi inabisuhan ang mga mag-aaral ng mga lumalahok na paaralang sekondaryo bilang mga matagumpay na aplikante ng DP, nangangahulugan ba ito na hindi sila paglalaanan ng lugar sa paaralan sa yugto ng DP?**

A Sa ilalim ng bagong pag-aayos ng abiso, ang ilang mga mag-aaral ay maaaring makatanggap ng mga abiso sa kanilang matagumpay na aplikasyon ng DP mula sa dalawang lumalahok na paaralang sekondaryo at kalaunan ay bibigyang alokasyon sa kanilang mga unang napiling paaralan alinsunod sa umiiral na mekanismo ng SSPA, mag-iiwan ng isang available na lugar ng paaralan. Bukod dito, ang ilang matagumpay na mga aplikante ay maaaring bitawan ang mga inilaang DP sa kanila at tanggapin ang mga lugar na inaalok ng mga NDSS secondary schools. Magiging available din ang mga lugar na binigyang alokasyon sa mga matagumpay na aplikante ng DP na ito. Samakatuwid, ang ilang mga mag-aaral na hindi pa naabisuhan ay maaaring paglaanan ng lugar para sa S1 sa mga paaralang inapplayan nila sa yugto ng DP bilang kahalili ng mga nakareserbang aplikante.

**(18) Q Maaari bang lapitan ng mga magulang ang ibang gustong mga sekondaryong paaralan at magtanong tungkol sa pagpasok pagkatapos maglabas ng abiso ang kalahok na sekondaryong paaralan sa matagumpay na mga aplikante ng DP?**

A Sa ilalim ng umiiral na mekanismo ng SSPA, ang mga pwesto ng S1 ng mga paaralan, pagkatapos ng pagbabawas sa mga naulit at quota ng DP, ay gagamitin para sa CA. Ang mga sekondaryong paaralan ay hindi dapat magsagawa ng pagpili o mga pamamaraan ng pagpasok upang punan ang anumang posibleng hindi nagamit na mga pwesto bago ang paglabas ng mga resulta ng alokasyon sa Hulyo. Ito ay upang maiwasan ang pagbibigay ng hindi nararapat na presyor sa mga magulang at mag-aaral at lumikha ng hindi makatarungang mga sitwasyon. Dahil dito, hindi dapat lapitan ng mga magulang ang ibang gustong mga sekondaryong paaralan upang hindi maapektuhan ang operasyon ng mga paaralan.

**Sistema ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralang Sekundaryo ng 2019/2021  
(Para Makapasok sa Sekundaryo 1 sa Setyembre 2021)  
Mga Malimit Itanong  
(In-update noong Disyembre 2020)**

**Central Allocation**

**(1) Q Kailan matatanggap ng mga magulang ang mga dokumento para sa pagpili para sa Central Allocation (CA)?**

A Ang mga magulang ng mga nakikilahok na Primarya 6 (P6) na mga estudyante sa kasalukuyang siklo ay tatanggap ng Form para sa mga Pagpipiliang Paaralan sa Sekundaryo Isa (Choice Form), at ng mga kaugnay na dokumento para sa pagpili, sa pamamagitan ng mga paaralang primarya ng kanilang mga anak sa kalagitnaan ng Abril 2021. Dapat ibalik ng mga magulang ang nakumpletong Form sa Pagpili sa Kawanihan ng Edukasyon (EDB) sa pamamagitan ng mga paaralang primarya ng kanilang mga anak, sa maagang bahagi ng Mayo 2021.

**(2) Q Ano ang dapat tandaan ng mga magulang kapag pinupunan ang Choice Form?**

A Nahati ang Choice Form sa Bahagi A at Bahagi B. Para sa Bahagi A na para sa mga Pagpipiliang Paaralan na Hindi Hinihigpitan, ang mga magulang ay makakapili sa di-hihigit na tatlong paaralang sekundaryo mula sa alinmang net na pampaaralan, kasama na ang mga paaralan sa sariling net na pampaaralan ng kanilang mga anak. Para naman sa Bahagi B na para sa mga Pagpipiliang Paaralan na Hinihigpitan, ang mga magulang ay makakapili ng di-hihigit sa tatlumpo paaralang sekundaryo sa loob ng net na pampaaralan ng kanilang mga anak. Kung ang mga paaralang sekundaryo na kanilang tinukoy sa Bahagi A ay nakapaloob din sa net na pampaaralan ng kanilang mga anak, maaari nilang isama ang mga paaralang iyon sa Bahagi B. Gayunpaman, hindi dapat ulitin ng mga magulang ang kaparehong pinagpipiliang paaralan sa loob ng kaparehong Bahagi sapagkat hindi naman ito makakadagdag pa sa pag-asa na ang kanilang mga anak ay mapaglaanan sa mga naturang paaralan.

Kapag kinumpleto na ng mga magulang ang Bahagi A ng mga pagpipiliang paaralan, dapat sumangguni sila sa Manwal para sa mga Pagpipiliang Paaralan na Hindi Hinihigpitan (Handbook) na ipamamahagi sa mga primaryang paaralan sa kalagitnaan ng Abril 2021. Ang mga magulang ay maaari ring bumisita sa Tahanang-pahina ng EDB ([www.edb.gov.hk](http://www.edb.gov.hk)) (Piliin ang: Home > Education System and Policy > Primary and Secondary School Education > School Places Allocation Systems > Secondary School Places Allocation (SSPA) System) para makapagdownload ng mga listahan o tumawag sa telepono ng EDB na 24 na oras, na isang Awtomatikong Sistema ng Pagtatanong sa Telepono sa 2891 0088 (Pindutin ang 2 (Ingles) > 5 (para sa mga Serbisyong Fax ) > 04 (Sistema ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralang Sekundaryo: Mga Listahan ng mga Paaralan) upang makakuha ng mga listahan sa pamamagitan ng fax. Kapag nakumpleto na ng mga magulang ang Bahagi B ng kanilang mga pinagpipiliang paaralan, dapat sumangguni sila sa mga Listahan ng mga Paaralang Sekundaryo ng net ng paaralan na kinabibilangan ng kanilang anak. Kasama ng mga Choice Forms, ang mga Listahan ng Paaralang Sekundaryo ay ipamamahagi sa mga magulang sa kalagitnaan ng Abril para sa pagsangguni.



(3) **Q Para sa mga magulang na nakatanggap ng mga abiso mula sa mga paaralang sekondaryo na lumalahok sa Sistema ng SSPA (ang mga lumalahok na paaralang sekondaryo) bilang mga matagumapy na diskresyunaryong lugar ng mga aplikante (DP) sa Marso 31, 2021, kailangan ba nilang punan at isumite ang Mga Choice Forms para sa CA?**

A Para sa mga mag-aaral na naabisuhan ng mga paaralang sekondaryo bilang mga matagumpay na aplikante ng DP, kailangan lamang lagdaan ng kanilang mga magulang ang mga form pagkatapos punan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, lagyan ng ekis ang mga bahagi kung saan pipili ng mga paaralan upang ipahiwatig na hindi nila kailangang gumawa ng mga pagpipilian sa paaralan. Pagkatapos ay ibalik ang mga form sa mga paaralang primaryang pinapasukan ng kanilang mga anak.

(4) **Q Ano ang mga kriterya para sa CA?**

A Ang CA ay batay sa allocation band ng estudyante, sa piniling paaralan ng mga magulang at sa isang numerong sapalaran.

(5) **Q Paano inaalang ang mga band ng alokasyon ng mga mag-aaral? Para saan ginagamit ang mga iyon?**

A Nakukuha ng mga esyudyante ang kanilang mga allocation band ayon sa mga resulta ng isinagawang internal na pagtatasa (IA). Ang mga resulta ng naturang IA ng mga estudyante sa pagtatapos ng Primarya 5, at kapwa sa kalagitnaan ng taon at sa pagtatapos ng P6, ay lalagyan ng pamantayan, at lalagyan ng panukat ayon sa average ng mga sinampol na resulta ng Pre-Secondary One Hong Kong Attainment Test (Pre-S1 HKAT) ng 2016 at 2018 ng paaralan. Para sa mga paaralan na walang sinampol na resulta ng Pre-S1 HKAT 2016 o 2018 (hal. kalalahok pa lamang na paaralan), ang average ng mga sinampol na resulta ng lahat ng mga nakikilahok na primaryang paaralan sa kaparehong net na pampaaralan sa naturang pagsusulit sa partikular na taong iyon ang siyang gagamitin sa pagsusukat.

Para sa alokasyon ng mga lugar sa paaralan sa Bahagi A Hindi Hinihigpitang mga Pagpipiliang Paaralan ng CA, ang marka ayon sa panukat ng lahat ng mga estudyante sa teritoryo ay ilalagay sa isang pagkakaayos ayon sa merito. Pagkatapos nito, ang mga estudyante ay pantay-pantay na hahatiin sa tatlong Bands ng Teritoryo, kung saan ang bawat isa ay binubuo ng 1/3 ng kabuuang dami ng estudyanteng primarya sa teritoryo. Tungkol naman sa alokasyon ng mga lugar sa paaralan sa Bahagi B ang mga Hinihigpitang mga Pagpipiliang Paaralan ng CA, ang marka ayon sa panukat ng lahat ng mga estudyante sa loob ng kaparehong net na pampaaralan ay ilalagay sa pagkakaayos ng merito. Pagkatapos nito, ang mga estudyante ay pantay-pantay na hahatiin sa tatlong Net Bands, kung saan ang bawat isa ay binubuo ng 1/3 ng kabuuang dami ng mga estudyanteng nasa primarya sa net na pampaaralan.

Bagaman ang Band ng Teritoryo ay ginagamit upang matukoy ang pagkakaayos ng alokasyon ng isang estudyante para sa mga lugar sa paaralan na hindi hinihigpitan sa Bahagi A ng CA, ang Net Band ay para sa alokasyon ng mga lugar sa paaralan na hinihigpitan sa Bahagi B ng CA. Ang allocation band ay hindi isang ganap na pamantayan ng pagtatasa ng kahusayan ng isang estudyanteng nasa P6, sa larangan

ng akademika at ang allocation band ng mga indibidwal na estudyante ay hindi pananatilihin pagkatapos makumpleto ang pamamaraan ng alokasyon.

**(6) Q Paano itinatakda ang mga hangganan ng mga net na pampaaralan ng mga paaralang sekondaryo?**

A Kahanay ng mga distritong pang-administratibo, ang buong teritoryo ay nahahati sa 18 net na pampaaralan na pangsekondaryo, para sa alokasyon ng mga lugar sa paaralan sapagkat ang CA sa Bahagi B ay ginagawa ayon sa net na pampaaralan. Alinsunod sa kasalukuyang patakarán, tuntunin, ang net ng paaralang sekondaryo na kinabibilangan ng isang estudyante ay tinitiyak sa pamamagitan ng pisikal na lokasyon ng paaralang primarya kung saan siya pumapasok.

**(7) Q Paano itinalaga ang mga lugar na Sekondaryo 1 (S1) sa bawat net na pampaaralan?**

A Ang probisyon ng mga lugar sa paaralang sekondaryo ng pampublikong sektor ay pinlano batay sa buong teritoryo. Layunin ng Sistema ng SSPA na makapagbigay ng lugar na S1 sa bawat mga nakikilahok na estudyante sa maayos na paraan. Upang magsilbi sa mga pangangailangan ng mga magulang at mga nakikilahok na estudyante, ang mga magulang ay pinapayagang mamili ng mga paaralan mula sa anumang distrito sa Baitang na DP at sa Bahagi A Hindi Hinihigpitan na Paaralan na Mapagpipilian sa Baitang na CA, at upang mamili ng anumang mga paaralan sa net na pampaaralan kung saan kabilang ang kalahok na estudyante sa pamamagitan ng Bahagi B ng Hinihigpitang Mapagpipilian na Paaralan sa Baitang na CA. Dahil sa hindi pantay-pantay na pagbabahagi ng mga paaralang sekondaryo sa mga net na pampaaralan at demograpikong pagkilos, ito ay matagal nang naitatag na kaugalian na paggawa ng mga netting arrangement kung mayroong kakulangan sa lugar sa paaralan sa isang net. Kasama sa mga salik na isinasaalang-alang ang demand at supply ng lugar ng mga paaralan sa bawat distrito, ang kinatatayuan ng paaralan at kung mayroon pa at ang kaayusan hinggil sa transportasyon sa pagitan ng mga net na pampaaralan, at kinaugalianga netting pattern atbp. Kami, sa pagsangguni sa Komiteng SSPA (mga miyembro na bumubuo ng isang kinatawan ng sekondaryang/primaryang paaralan mula sa bawat net na pampaaralan at mga kinatawang mula sa mga konseho ng mga pangunahing sekondaryo at primaryang paaralan), ay lilikha ng isang balanse sa pagitan ng mga pangangailangan ng iba't ibang mga stakeholder hangga't posible sa buong proseso.

Ang bilang ng mga paaralang sekondaryo at mga lugar sa paaralan na inilalaan mula sa ibang mga distrito ay maaaring mag-iba taun-taon ayon sa sitwasyon ng demand at supply. Ang mga magulang ay dapat sumangguni sa mga Listahan ng Sekundaryang Paaralan na ipinamamahagi tuwing Abril ng bawat taon ng EDB para sa mga netting arrangement para sa kinaukulang siklo.

**(8) Q Ano ang cross-net na alokasyon?**

A Ang alokasyon ng mga paaralan para sa Parte B ng CA ay isinagawa ng mga neto ng paaralan at ang neto ng paaralan kung saan ang isang estudyante ay napapabilang ay sa prinsipyo ay ang neto ng paaralan ng pangunahing paaralan na kailangan nyang daluhan. Kung may tunay na pangangailangan, para sa mga espesyal na kadahilanan, ay magpalit ng neto ng paaralan, ang mga magulang ay maaaring magsumite ng aplikasyon para sa alokasyon paara sa pagpapalit neto kasama ang

mga naaangkop na dokumento ng pagpapatunay sa EDB sa pamamagitan ng pangunahing paaralan kung saan dumadalo ang kanilang anak bago ang unang bahagi ng Marso. Ang pangunahing paaralan ay isusumite ang lahat ng mga beripikadong kopya ng dokumento ng aplikasyon sa EDB para sa iba pang pagpoproseso. Kung ang estusyante ay naaprubahan para sa alokasyon ng pagpapalit neto kung saan napapabilang ang kanyang address ng panunuluyan sa Hong Kong (hal. Isang lugar panunuluyan kung saan ang aplikanteng estudyante ay nakatira at nagsisilbing kanyang tangi o pangunahing tirahan), sya ay makikiisa sa Parte B ng CA sa bagong neto ng paaralan.

**(9) Q Ano ang dapat tandaan ng mga magulang kapag ihahayag ang tinitirhang address ng nag-aapply na mag-aaral at kapag ibibigay ang mga may-katuturang dokumento ng patunay kung nais nilang mag-apply para sa alokasyon ng cross-net?**

A Pinapaunawaan ang mga magulang na ang pag-aaplay ng address ng panunuluyan ng estudyante ay kailangang ang kanyang tangi o pangunahing address ng panunuluyan sa Hong Kong, hal. isang lugar panunuluyan kung saan ang aplikanteng estudyante ay nakatira at nagsisilbing kanyang tangi o pangunahing tirahan. Ang katanggap-tanggap na dokumento ng pagpapatunay ng address ng panunuluyan sa Hong Kong ay may selyo ng kasunduan ng pangugupahan, mga record ng presyo at/o buwis sa pamahalaan para sa pangugupahan, kasunduan ng pangugupahan o card ng pangugupahan ng umuupa na ibinigay ng mga may awtoridad sa pampublikong pabahay, kuwenta ng singil para sa telepono, at mga kuwenta ng singil mula sa iba't ibang kumpanya para sa kagamitan, tulang ng Towngas, Hong Kong Electric Company Ltd., Departamento ng Suplay ng Tubig, atbp. Ang iba pang dokumento tulang ng mga talaan ng bangko at kuwenta ng singil para sa cellphone ay hindi tatanggapin. Bukod pa rito, ang pangalan at address ng magulang (i.e. ang magbabayad) ay kailangang nakaimprenta sa dokumento ng pagpapatunay ng address ng panunuluyan sa Hong Kong.

**(10) Q Kung ang isang mag-aaral ay naaprubahan para sa alokasyon ng cross-net, paano tutukuyin ang kanyang Net Band sa bagong school net?**

A Para sa mag-aaral na inaprubahan para sa alokasyon sa cross-net, ang mga baitang na markang nakuha niya sa paaralan sa kanyang orihinal na school net ay ihahambing sa mga baitang na marka ng mga mag-aaral sa bagong school net upang tukuyin kung saang Net Band siya nabibilang. Sa madaling salita, ang Net Band ng mag-aaral sa bagong school net ay maaaring naiiba mula sa kanyang orihinal na school net.

**(11) Q Ano ang paraan ng alokasyon para sa CA?**

A Ang Hindi Hinihigpitang mga Pagpipiliang Paaralan sa Bahagi A ang unang ipinoproseso. Pagkatapos lamang na ang mga pagpipiliang paaralan ng lahat ng estudyante sa Bahagi A ay maproseso, saka pa lamang sisimulan ng kompyuter ang pagpoproseso ng Hinihigpitang mga Pagpipiliang Paaralan sa Bahagi B.

Kapag nagpoproseso ng Hindi Hinihigpitang mga Pagpipiliang Paaralan sa Bahagi A, ang kompyuter ay maglalaan muna ng mga lugar sa paaralan sa mga estudyante sa Territory Band 1 ayon sa pagkakaayos ng kanilang nagugustuhang pagpipiliang

paaralan. Pagkatapos ng pagsasala ng mga pagpipiliang paaralan ng lahat ng mga estudyanteng ito, susundin ng kompyuter ang parehong paraan upang maproseso ang mga pagpipiliang paaralan ng mga estudyante sa Territory Band 2 at sa wakas yaong mga estudyanteng nasa Territory Band 3. Ang mga estudyanteng nagtagumpay sa pagkuha ng lugar sa Bahagi A ay hindi mapaglalaanan ng isang lugar sa Bahagi B. Kung ang isang estudyante ay hindi napaglaanan ng isang lugar sa paaralan sa Bahagi A pagkatapos na maisaalang-alang na ang lahat-lahat ng mga pinagpipilian niyang paaralan, maglalaan para sa kanya ng isang lugar sa Bahagi B.

Kapag nagpoproseso ng Hinihigpitang mga Pagpipiliang Paaralan sa Bahagi B, ang kompyuter ay maglalaan muna ng mga lugar sa paaralan sa mga estudyante sa Net Band 1 ayon sa pagkakaayos ng kanilang nagugustuhang pagpipiliang paaralan. Kung ang isang estudyante ay hindi napaglaanan ng isang lugar sa paaralan kahit pa isinaalang-alang na ang lahat-lahat ng kanyang mga pinagpipiliang paaralan, ang kompyuter ay maglalaan para sa kanya ng isang lugar mula sa mga natitira pang mga lugar sa net na pampaaralan. Pagkatapos na ang mga estudyante sa Net Band 1 ay napaglaanan na ng mga lugar sa paaralan, susundin ng kompyuter ang parehong paraan upang maproseso ang mga pinagpipilian ng mga estudyante sa Net Band 2, at sa wakas, yaong mga estudyante na nasa Net Band 3.

Kung nakapili na ang mga magulang ng isang paaralang sekundaryo na sa kinalaunan ay hindi mag-aalok ng mga lugar na S1 sa ilalim ng Sistemang SSPA sa siklo ng alokasyong ito, ang piniling paaralan ay hindi ipoproseso.

**(12) Q Para saan gagamitin ang sapalarang numero?**

A Ang sapalarang numero ay nililikha ng kompyuter bago paganahin ang programang Central Allocation. Ginagamit ito para sa pagtukoy ng pagkakaayos ng alokasyon ng mga estudyante, sa loob nang parehong allocation band. Kung ang demand para sa mga lugar sapaaralan ay lumampas sa supply, ang estudyante na may hawak ng isang mas mababang sapalarang numero sa loob ng katulad na allocation band ang siyang unang paglalaanan ng isang lugar. Ang sapalarang numero ay walang kaugnayan sa Student Reference Number o sa personal na datos ng estudyante at hindi pananatilihin pagkatapos ng pamamaraan ng alokasyon ay nakumpleto.

Seksyon ng Alokasyon ng Mga Lugar sa Paaralan  
Kawanihan ng Edukasyon  
Disyembre 2020 (In-update)

**Sistema ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralang Sekundaryo ng 2019/2021  
(Para Makapasok sa Sekundaryo 1 sa Setyembre 2021)  
Mga Malimit Itanong**

**Iba Pa**

**Tagatustos at mga Nominadong Paaralan**

**(1) Q Ano ang mga kaayusan sa pagpasok sa Sekundaryo 1 (S1) para sa isang estudyante na nasa Primarya 6 (P6) na nag-aaral sa isang tagatustos/nominadong paaralan?**

A Sa pangkalahatan, pagkatapos ng pagbabawas sa nag-uulit at sa mga diskresyunaryong lugar (DP), ang isang tagatustos ng paaralang primarya ay maaaring makapagreserba nang hanggang 85% ng mga natitira pang lugar para sa tagatustos na (mga) paaralang primarya nito, at ang sa isang nominadong paaralang sekundaryo ay hanggang 25% ng mga natitira pang lugar para sa (mga) nominadong paaralan nito, sa baitang na Central Allocation (CA). Ang isang estudyanteng nasa P6 ng isang tagatustos/nominadong paaralan ay karapat-dapat para sa isang nakareserbang lugar kung siya ay nasa Net Band 1 o 2, at pinili na ang tagatustos/nominadong paaralang sekundaryo bilang kanyang unang napili sa Bahagi B Hinihigpitang mga Pagpipiliang Paaralan. Ang mga magulang ay maaaring direktang magtanong sa (mga) tagatustos/nominadong paaralang sekundaryo.

Kung ang dami ng mga karapat-dapat na estudyante ay lumampas pa sa dami ng mga nakareserbang lugar, ang pagkakaayos ng prayoridad para sa alokasyon ay ibabatay sa Net Band ng estudyante at sa sapalarang numero, hanggang sa ang lahat ng mga nakareserbang lugar ay mapuno na. Sa kabilang banda, ang mga hindi gamit na lugar na nakareserba, kung mayroon man, ay awtomatikong gagamitin bilang mga bukas na lugar para sa alokasyon.

Kung ang estudyante na nasa P6 ng isang tagatustos o nominadong paaralan ay aprubado sa cross-net na alokasyon, siya ay hindi magiging karapat-dapat para isang nakareserbang lugar ng (mga) tagatustos o nominadong paaralang sekundaryo.

**Mga “Through-train” na Paaralan**

**(2) Q Ano ang mga kaayusan sa pagpasok sa S1 para sa isang estudyante na nasa P6 na nag-aaral sa isang “through-train” na paaralan?**

A Ang isang estudyanteng nasa P6 ng isang “through-train” na paaralan ay makakapili na direktang tumuloy sa nakaugnay na sekundaryong paaralan sa kanyang paaralang primarya. Kung ang mag-aaral ay nag-aaplay para sa DP ng mga kalahok na sekundaryong paaralan o (mga) pwesto ng S1 ng Scheme sa Direktang Pagtulong ng mga sekundaryong paaralan na hindi nakikilahok sa Sistema ng Alokasyon ng Lugar sa Sekundaryong Paaralan (NDSS secondary schools) (nagtagumpay man o hindi), o nakikilahok sa CA, hindi siya papayagang mapanatili ang karapatan na direktang tumuloy sa nakaugnay na paaralang sekundaryo.

**Mga Paaralang nasa Iskema ng Direktang Subsidyo**

**(3) Q Ano ang dapat tandaan ng mga magulang kung gusto nilang ipasok ang kanilang mga anak sa isang paaralang sekondaryo na nasa Iskema ng Direktang Subsidyo (DSS)?**

A Dapat tandaan ng mga magulang na ang mga paaralang sekondaryo na nasa DSS ay maaaring maningil ng kaukulang halaga. Ang mga estudyante ay maaaring ilipat ang antas sa Sekondaryo 4 (S4) sa kanilang mga sariling paaralang sekondaryo na nasa DSS, pagkatapos ng Sekondaryo 3, at hindi ilalagay sa pamamaraang sentral sa S4 ng iba pang mga paaralan na binibigyan ng suportang pinansiyal ng Kawanihan ng Edukasyon (EDB).

**(4) Q Para sa mga nakikilahok na paaralang sekondaryo na nasa DSS, ano ang mga pagkakaiba sa mga kaayusan ng alokasyon kung ihahambing sa mga paaralan ng pamahalaan, mga paaralang tinutulungan at mga paaralang sekondaryo na caput?**

A Para sa mga nakikilahok na paaralang sekondaryo na nasa DSS, ang mga kaayusan ng alokasyon para sa kanila ay talagang katulad lamang ng sa pamahalaan, sa tinutulungan at sa mga paaralang caput, maliban na lamang sa mga nakikilahok na paaralang sekondaryo na nasa DSS na maaaring magreserba nang higit sa 30% ng kanilang mga lugar na S1 sapagkat ang DP at ang mga lugar na S1 ng mga nakikilahok na paaralang sekondaryo na nasa DSS ay ilalaan sa ilalim ng prinsipyong “wala nang mapili pa, wala nang alokasyon” sa Bahaging B Hinihigpitang mga Pagpipiliang Paaralan ng CA, hal. ang mga estudyante ay hindi mailalaan sa mga nakikilahok na paaralang sekondaryo na nasa DSS, maliban na lamang kung ang paaralan ay naisama na nila bilang isa sa mga pagpipilian sa Bahagi B ng CA.

**(5) Q Ano ang pamamaraan ng pagpasok sa mga NDSS secondary schools?**

A Para sa mga NDSS secondary schools, makakapagpapasok sila ng mga estudyante ayon sa sarili nilang pamamaraan at mga iskedyul, at hindi makakapaglaan ng mga estudyante sa pamamagitan ng Sistema ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralang Sekondaryo (SSPA). Walang hangganan ang dami ng mga NDSS secondary schools kung saan makakapag-apply ang mga estudyante, at ang pagpasok dito ay batay sa kriteriya na itinakda ng mga paaralan. Ang mga NDSS secondary schools ay kinakailangan na magsumite ng kanilang matagumpay Mga Listahan ng Matagumpay na Mga Kalahok na Mag-aaral sa EDB sa unang bahagi ng Mayo. Ang mga mag-aaral na kasama sa Mga Listahan ng Matagumpay na Mga Kalahok na Mag-aaral ng NDSS secondary schools ay hindi malalaanan ng pwesto ng S1 sa mga kalahok na sekondaryong paaralan, kabilang na ang mga napili sa kanila bilang matagumpay na mga aplikante ng DP.

**Mga Esyudyanteng Hindi Nakakapagsalita ng Wikang Tsino**

(6) **Q** **Ano ang mga kaayusan sa alokasyon para sa hindi nagsasalita ng Tsino (NCS) na mga mag-aaral?**

A Ang lahat ng mga karapat-dapat na mag-aaral, anuman ang kanilang mga lahi o lugar ng kapanganakan, ay nasisiyahan sa pantay na pagkakataon para sa pagpasok sa Sekondaryong Isa sa mga pampublikong sektor sa ilalim ng patas at malinaw na Sistema ng SSPA. Sa madaling salita, ang mga mag-aaral ng NCS pati na rin ang mga mag-aaral na nagsasalita ng Tsino ay malalaanan ng isang pwesto ng S1 ayon sa parehong mekanismo. Ang mga mag-aaral ng NCS ay maaaring mag-aplay sa anumang dalawang kalahok na sekondaryong paaralan sa yugto ng DP. Para sa isasagawang pagpili sa baitang na CA, maipapahiwatig din nila ang gusto nila sa pamamagitan ng pagpili ng hanggang tatlong pinakamataas sa mga paaralang sekondaryo na mula sa alinmang net na pampaaralan sa Bahagi A at hanggang sa pinakamataas na 30 mga paaralang sekondaryo sa kani-kanilang net na pampaaralan sa Bahagi B.

Seksyon ng Alokasyon ng Mga Lugar sa Paaralan  
Kawanihan ng Edukasyon  
Setyembre 2020